

Ang Mabuting Samaritano

(Lucas 10:25-37)

Si Jesus ay madalas magturo gamit ang talinghaga, mga simpleng kwento na may malalalim na aral tungkol sa kaharian ng Diyos at tamang pamumuhay. Isang araw, nagbahagi si Jesus ng isang parabula tungkol sa pagiging mabuting kapwa.



Minsan, lumapit ang isang dalubhasa sa batas kay Jesus upang subukin Siya. Nagtanong ito, "Guro, ano ang dapat kong gawin upang makamit ang buhay na walang hanggan?"

Sumagot si Jesus sa pamamagitan ng tanong: "Ano ang nasusulat sa Batas? Paano mo ito nauunawaan?"

Sinabi ng lalaki, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa, buong lakas, at buong pag-iisip; at ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili."

"Tama ang sagot mo," sabi ni Jesus. "Gawin mo ito at mabubuhay ka."

Ngunit nais ng lalaki na patunayan ang kanyang sarili, kaya tinanong niya, "Sino ang aking kapwa?"

Bilang tugon, nagkwento si Jesus:

Isang lalaki ang naglalakbay mula Jerusalem patungong Jericho, isang daang kilala sa pagiging mapanganib dahil sa mga tulisan. Sa kanyang paglalakbay, siya'y sinalakay ng mga magnanakaw. Pinagpapalo nila siya, kinuha ang kanyang mga gamit, at iniwang halos patay na sa tabi ng daan.

Habang nakahandusay siya, dumaan ang isang pari. Siguradong tutulong ang taong ito, dahil siya'y lingkod ng Diyos! Ngunit nang makita ng pari ang sugatang lalaki, tumawid siya sa kabilang panig ng daan at nagpatuloy sa paglalakad.

Makalipas ang ilang sandali, dumaan naman ang isang Levita (isang tagapaglingkod sa templo). Nakita rin niya ang sugatang lalaki, ngunit tulad ng pari, siya rin ay dumaan sa kabilang panig at nagpatuloy sa kanyang lakad.


Pagkatapos, dumaan ang isang Samaritano. Ngayon, ang mga Samaritano at mga Judio ay hindi magkasundo—madalas silang magkaaway. Ngunit nang makita ng Samaritano ang sugatang lalaki, naawa siya sa kanya.

Lumapit ang Samaritano, nilinis at binalutan ang mga sugat ng lalaki, at pinasakay ito sa kanyang sariling asno. Dinala niya ang lalaki sa isang bahay-panuluyan at inalagaan ito. Kinabukasan, binigyan niya ang tagapamahala ng bahay-panuluyan ng dalawang pilak at sinabi, "Alagaan mo siya, at babalikan kita upang bayaran ang anumang karagdagang gastos."

Matapos ikwento ito, tinanong ni Jesus ang lalaki. "Sino sa tatlong ito ang naging mabuting kapwa?"

Sumagot ang dalubhasa sa batas, "Ang taong nagpakita ng awa sa kanya."

Sinabi ni Jesus, "Gayon din ang gawin mo."



Si Jesus ang pinakamagandang halimbawa ng tunay na pagmamahal. Tulad ng Samaritanong tumulong sa nasugatang lalaki, tinutulungan tayo ni Jesus kapag tayo ay sugatan o malungkot. Pinapagaling Niya ang ating puso, inaalagaan tayo, at tinutulungan tayong maging buo muli.

